

RCS chat

Jibe Mobile Ltd. ("Jibe Mobile")

70 Sir John Rogerson's Quay, Dublin 2, Ireland

<https://support.google.com/>

Na-update noong Marso 16, 2023

Naunang bersyon: [Disyembre 21, 2020](#)

Buod ng kontrata

- Inilalarawan ng kontratang ito ang mga pangunahing bahagi ng aming alok na serbisyo ayon sa kinakailangan ng batas ng EU¹.
- Nilalayan nitong tulungan kang makagawa ng paghahambing sa pagitan ng mga alok na serbisyo.
- Makikita sa iba pang dokumento ang kumpletong impormasyon tungkol sa aming alok na serbisyo.

Mga Serbisyo

Nagbibigay ang RCS chat ng na-upgrade at mahusay na experience sa pagmemensahe para sa mga user ng Messages by Google. Kailangan ng koneksyon sa internet para makapagpadala ng mga mensahe sa RCS chat. Inihahatid ng Jibe Mobile ang RCS chat sa pamamagitan ng makatwirang kasanayan at pag-iingat, pero walang iniaalok na minimum na level ng kalidad ng serbisyo.

Presyo

Iniaalok nang walang bayad ang RCS chat, at napapailalim ang paggamit nito sa pagsunod sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng Jibe Mobile (makikita sa <https://jibe.google.com/policies/terms/>) at Mga Tuntunin ng Serbisyo ng Google (makikita sa <https://policies.google.com/terms>).

Tagal, pag-renew, at pagwawakas

Magagamit mo agad ang RCS chat pagkatapos mag-sign up. Hindi ka inaatasang gamitin ang RCS chat sa loob ng nakatakdang tagal at malaya kang huminto sa paggamit nito anumang oras.

Mga feature para sa mga end-user na may kapansanan

Puwede kang gumamit ng screen reader sa RCS chat. Makakakita ng higit pang detalye sa <https://support.google.com/messages/answer/6105764?hl=fil>.

Iba pang nauugnay na impormasyon

Customer Support: Makakakuha ng tulong at suporta para sa RCS chat sa <https://support.google.com/>.

Mga Di-pagkakasundo: Puwede kang makapaghain ng reklamo sa provider ng alternatibong resolusyon sa dispute na nakalista sa <https://ec.europa.eu/consumers/odr/main/?event=main.adr.show2> o sa iba pang provider, ayon sa legal na kinakailangan para sa iyong bansa. Makakakita ng higit pang detalye sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng Google.

Mga Insidente sa Seguridad: Nagpapanatili ang Jibe Mobile ng mahigpit na 24/7 na program ng pamamahala sa insidente para matukoy at matugunan ang mga kaganapan sa seguridad o privacy nang

¹ Artikulo 102(3) ng Direktiba (EU) 2018/1972 ng European Parliament at ng Konseho noong Disyembre 11, 2018 na nagtatatag ng European Electronic Communications Code (OJ L 321, 17.12.2018, p. 36).

walang pagkaantala. Nagbibigay din ang Jibe Mobile ng Checklist sa Seguridad para tulungan kang pamahalaan ang iyong online na seguridad.

Personal na Data: Para mag-sign up para sa RCS chat, kailangan mong ibigay ang numero ng iyong telepono. Nagbibigay ang Patakaran sa Privacy ng Google (makikita sa <https://policies.google.com/privacy>) ng higit pang impormasyon sa personal na data na kinokolekta ng Jibe Mobile kapag ginagamit mo ang RCS chat. Hindi bahagi ng kontrata sa pagitan mo at ng Jibe Mobile o ng buod na ito ang Patakaran sa Privacy ng Google.